9

# Filipino 9

## Activity Sheet

## Quarter 2- MELC 6

# Pagsusuri sa Tono ng Pagbigkas ng Tulang Tanka at Haiku



REGION VI – WESTERN VISAYAS

ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino 9**
**Learning Activty Sheet** **<u>6</u>**
**Unang Edisyon, 2020**

Inilimbag sa Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon 6- Kanlurang Visayas
Duran St., Iloilo City

Isinasaad ng **ng Batas Pambansa Bilang 8293**, **Seksiyon 176 na** "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng gawain kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 - Kanlurang Visayas.

Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Eduklasyon, Rehiyon 6- Kanlurang Visayas.

**Mga Bumuo ng Filipino 9 Learning Activity Sheet**

**Manunulat:** Marie Antoniette M. Villar
**Tagasuri:** Perly M. Mapa, Diana P. Agupasa, Alma J. Villar, Rosie C. Cabus, Cynthia C. Cañete, Angela Mae D. Lim, Marie Antoniette M. Villar
**Tagaguhit:** Jerome Jordan Z. Ponsica
**Tagalapat:** Eldiardo E. de la Peña, Antonio O. Rebutada

**Division of Escalante City Management Team:**

Clarissa G. Zamora, CESO VI
Ermi V. Miranda, PhD
Ivy Joy A. Torres, PhD
Jason R. Alpay
Alicia M. Geroso

**Regional Management Team:**

Ma. Gemma M. Ledesma, CESO V
Josilyn S. Solana, PhD
Elena P. Gonzaga, PhD
Donald T. Genine
Celestino S. Dalumpines IV

**MABUHAY!**

Ang **Filipino 9 Learning Acivity Sheets** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan ng Sangay ng Lungsod ng Bacolod sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6- Kanlurang Visayas at sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Management Division. Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng LAS na ito na gabayan ang mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

---

**Para sa mga learning facilitator:**

Ang **Filipino 9 Learning Acivity Sheet** na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

---

**Para sa mga mag-aaral:**

Ang **Filipino 9 Learning Acitivity Sheet** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit wala ka ngayon sa iyong paaralan, pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto nga bawat gawain.

**Learning Activity Sheets (LAS) Blg. 6**

Pangalan: ______________________________________________________________
Antas at Seksyon: ____________________________Petsa: ___________________

## GAWAING PAMPAGKATUTO SA FILIPINO 9
## (Paghihinuha sa Damdamin ng mga Tauhan Batay sa Diyalogong Napakinggan)

### I. Kasanayang Pampagkatuto at Koda

Nahihinuha ang damdamin ng mga tauhan batay sa diyalogong napakinggan { F9PN-IIc-46 }

### II. Panimula (Susing Konsepto)

**ALAM MO BA?**

Sa araling ito ay mahihinuha mo ang damdamin o emosyon batay diyalogong napakinggan.

Ang diyalogo ang nagsisilbing daan upang ang bawat isa sa atin ay magkaroon ng ugnayan.Sa pamamagitan nito ay madali nating naipaparating sa ating kapwa ang mga gusto nating ipahiwatig kong ano ang ating mga nararamdaman.

Bigyang pansin ang Diyalogo batay sa pabulang “Ang Hatol ng Kuneho”

Isang araw ,noong mga panahong ang mga hayop ay nagsasalita pa ,may isang tigreng naghahanap ng makakain sa gubat .Ngunit sa kasawiang palad,ay nahulog ito sa malalim na hukay.Walang nagawa ang tigre kaya’t nagmamakawa itong sumigaw upang humingi ng tulong .

Hanggang kinabukasan ay may isang taong napadaan at nakita ang kanyang kalagayan.Nakiusap ang tigre sa tao ngunit ito ay nagdalawang isip kung tutulungan ang tigre sapagkat baka siya ay kainin nito .

Tigre: Tulong ! Tulong!

Lalaki: Ah! Isang Tigre!

Tigre: Pakiusap, tulungan mo akong lumabas dito. Kung tutulungan moa ko, hindi kita makalilimutan habambuhay.

Lalaki: Gusto sana kitang tulungan subalit nanganganmba ako sa maaaring mangyari. Patawad! Ipagpapatuloy ko na ang aking paglalakbay. (Nagpatuloy sa paglalakad ang lalaki)

Tigre: Sandali! Sandali! Huwag mong isipin iyan. Huwag kang mag-alala, pangako ko hindi kita sasaktan. Nagmamakaawa ako, tulungan mo lang ako. Kapag ako ay nakalabas dito tatanawin kong malaking utang na loob! (Nagmamakaawang tinig ng tigre)

Tila labis na nakakaawa ang tinig ngtigre kaya bumalik ang lalaki upang tulungan ito. Nakahanap siya ng troso at dahan-dahan niyang ibinaba sa hukay at gumapang ang tigre sa troso hanggang makaahon sa hukay. Nakita ng tigre ang lalaking tumulong sa kaniya. Naglaway ang tigre at naglakad paikot sa lalaki.

Lalaki: Sandali! Hindi ba nangako ka sa akin na hindi moa ko sasaktan? Ito ba ang paraan mo ng pagpapasalamat at pagtanaw ng utang na loob?

Tigre: wala na akong pakialam sa pangakong iyan dahil nagugutom ako! Hindi ako kumain ng ilang araw!

Lalaki: Sandali! Sandali! (Pakiusap na tinig) tanungin natin ang puno ng Pino kung tamabang kainin mo ako."

Puno ng Pino: Anong alam ng tao sa pagtanaw ng utang na loob? Kapag kami ay Malaki na , pinuputol niyo kami. Tao rin ang humukay ng butas na iyan. Utang na loob huwag ka nang magdalawang isip, Tigre. Sige pawiinmo ang iyong gutom.

Tigre: O, anong masasabi mo doon?

Lalaki : Hintay! Hintay! Tanungin natin ang baka sa kaniyang hatol.

Baka: Sa ganang akin, dapat mo siyang kainin!  Kami ay ginawa nilang tagapaglingkod. Kami ang nagbubuhat, inaaararo namin ang bukid upang makapagtanim sila. Subalit ,ano ang ginagawa nila kapag kami ay tumanda na, kami ay kanilang pinapatay at kinakain. Kaya kainin mo ang taong iyan.

Tigre: Tingnan mo, sila ay sumasang-ayon sa akin. Kaya humanda ka na sa iyong kamatayan!

Kakainin na sana ng tigre ang lalaki nang biglang dumating ang lumulukso-luksong kuneho.

Lalaki: Sandali, tigre, sandali!

Tigre: Ano na naman?

Lalaki: Pakiusap, bigyan mo ako ng huling pagkakataon. Tanungin natin ang kuneho para sa kaniyang hatol .

Kuneho: Kung ako ang magpapasya, dapat tayong magtungo sa hukay.

Nagtungo ang tatlo sa pinangyarihan at walang pag-aalinlangan na tumalon ang tigre sa hukay upang makita ng kuneho ang kaniyang naging sitwasyon bago siya tulunganng lalaki.

Kuneho: Lahat ng ito ay nagsimula dahil sa pagkahulog ng tigre sa hukay at sa pagtulong na ginawa ng lalaki. Kung ang tao ay hindi nagpakita ng kabutihan at iniwan ang tigre sa hukay. Dapat na magpatuloy ang lalaki sa paglalakbay at manatili ang tigre sa hukay. Magandang umaga sa inyong Dalawa!

## III. Mga Sanggunian


- Peralta, Romulo N. et al (2014) Panitikang Ayano, Modyul ng mag-aaral sa Filipino 9, Unang Edisyon, Vibal Group, Inc.


## IV. Mga Gawain

**Pangkalahatang Panuto:** Basahin at gawin ang mga Gawain sa ibaba. Gawin ang lahat ng sagot sab iyong sagutang papel.

**Gawain I**

**Pagsasanay**

Panuto: Hanapin sa hanay B ang mga damdamin ng mga tauhan batay sa mga pahayag. Titik lamang ang isulat.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| 1. Masayang naglibot ang tigre at baka sa kagubatan.<br>2. Gumapang ang tigre sa troso hanggang makaahon ito sa hukay.<br>3. Naglaway ang tigre at naglakad paikot sa lalaki.<br>4. Kinabukasan muling sumigaw ang tigre upang humingi ng tulong hanggang mapaos.<br>5. Kainin mo na ang taong iyan sabi ng baka. | A. PAGKAALIW<br>B. PAGKALUNGKOT<br>C. PAGKAAWA<br>D. TAKOT<br>E. SAYA |

**Gawain II**

**Panuto:Tukuyin ang damdamin ng tauhan batay sa kanyang pahayag .Isulat ang titik ng tamang sagot.**

| | | | |
|---|---|---|---|
| a. pagkatuwa | d.pagtatampo | g. paghanga | j.pagsisisi |
| b.pagkahiya | e. pag-aalala | h.pagmamalasakit | k.pagkatakot |
| c.pagkagalit | f.pagkainip | i. panghihinayang | l.pagrereklamo |

____1. Ayaw kumanta ni Alex sa harap ng mga kaklase kaya siya napayuko ng tawagin siya ng guro

____2."Dapat nag-aaral ako ng maaga para hindi ako nagmamadali ngayong gabi,wika ni Shiela..

____3.Lahat ng tao bilib kay Miguel sa pagkapanalo niya sa Math Competition.

____4. Nagdala ng pagkain sina at Aubrey at mga barkada para sa mga nasalanta ng bagyo.

____5. Hindi mapakali si Nanay." Ang lakas ng ulan at wala pa ang mga bata .Sana hindi sila bahain.

____6." Buong araw nakabukas ang aircon kahit walang tao !Sayang sa koryente!."

____7.Walang magawa sa baryo kaya buong araw lamang nakikinig sa radio ang mga bata.

____8. "Yehey! Nakuha ko na ang aso na matagal ko ng gusto!"

____9.Walang gustong dumaan sa kalye Magpangi dahil sa malaki at matapang na aso na palaging gumagala dito.

____10." Hindi masarap ang pagkain ,ang bagal ng mga waiter at madumi ang restoran ,hindi na ako babalik dito sa restoran na ito.

**4. Batayan sa pagbibigay ng iskor sa Rubrik**

RUBRIK SA PAGBIBIGAY NG ISKOR

| BATAYAN | Puntos |
|---|---|
| Nilalaman at Organisasyon ng mga Kaisipan o Mensahe | 5 |
| Istilo/ Pagkamalikhain | 5 |
| Tamang paggamit ng wika at gramatika | 5 |
| Kabuuan | 15 puntos |

1.- Sadyang di -Mahusay
2.-Di Mahusay
3- Katamtaman ang husay
4.-Mahusay
5 -Napakahusay

**V. Repleksiyon**

Bilang mag-aaral, mahalaga ba para sa iyo ang paksang-araling ito? Bakit?

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________.

**VI. Susi sa Pagwawasto**

GAWAIN 1

1. A
2. C
3. C
4. B
5. D

TAYAHIN

| | |
|---|---|
| 1.B | 6.I |
| 2.I | 7.F |
| 3.G | 8.A |
| 4.H | 9.K |
| 5.E | 10.D |